

1

San Miguel, Bulacan

Blangko ang ekspresyon sa mga mata ng binatang may katagalan nang nakatayo sa veranda ng malaki at magandang mansyon sa gitna ng malawak na lupain. Itinatago siya ng madidilim na anino. Nakatuon ang mga mata niya sa hugis ng mga bundok sa malayo, at ang kanyang pandinig sa kasayahang nagaganap sa ibaba.

Had he been a normal bachelor, ikatutuwa sana niya ang mga pangyayari. Bumabaha ng alkohol. Puno ng masasarap na putahe ang buffet table. At dahil marami siyang pinsang babae, marami ring naggagandahang mga babaeng bisita na inimbita ng mga ito para dumalo.

Interesante namang kausap ang mga ito. Hindi nalalayo sa ugali ng mga pinsan niya. At natutuwa siya sa mga pinsan niya kahit mga bago lang niyang nakilala ang iba.

Pero siya, si Ephraim Kijana Gonzalo Ruiz, ay hindi natuwa sa kahit anong pagtitipon kahit kailan. Parties bored him. Kahit pa ang party ay idinaraos

para sa kanya. Mas gusto niyang gamitin ang pagod at panahon sa pagsasalba ng buhay ng nangangailangan.

Lumagok siya ng ginintuang likido mula sa hawak at napangiwi sa di kaaya-ayang lasa dahil naging pawis na sa bote ang lamig niyon. Huminga siya nang malalim bago naupo sa malambot na lounge chair doon. Sumandal siya at itinaas ang tingin sa maliwanag na kalangitang mistulang itim na sutla na sinabugan ng milyun-milyong maliliit na diamante.

Skies that reminded him of the home he missed so bad—Africa.

Doon siya ipinanganak, sa Kenya. Doon kinuha ang *Kijana* sa pangalan niya. Naturalized US citizens ang mga Pilipinong magulang niya na migrante na sa Amerika bago pa man nagkakilala. Pero bukod sa pangalan, sa lugar ng kanyang kapanganakan at kinalakhan, at sa dinadalang citizenship na naging kanya due to the circumstances of his birth, Pilipino siya sa pag-uugali, sa pananalita, sa dugo.

Permanenteng residente sila sa capital city ng Nairobi. Pero dahil ang mga magulang ay mga volunteer workers ng *Doctors Without Borders*, o kung tatawagin sa French version ng pangalan nito ay *Medecin Sans Frontieres* o *MSF*, lumaki siya

na madalas naiiwang ang kasama lang ay mga kasambahay at katiwala.

Imbis na ipagtampo niya ang pagiging absentees ng mga magulang, pilit inintindi ng murang isip ni Ephraim ang dahilan ng pag-alis-alis ng mga ito. Nagpupunta ang kanyang ama at ina sa mga lugar kung saan pinakakailangan ng tulong medikal. Mga lugar na tila naisumpang maghirap.

Natuklasan niya, mula sa ipinapasalubong ng mga itong kuwento sa kanya na may mga taong sadyang namumuhay nang wala, at nangangarap lang ng payak na mga bagay tulad ng pagkain, inumin, tirahan at damit. Iyong sapat lang sana para tumagal na humihinga pa hanggang sa susunod na araw. Sila ang pinagsisilbihan ng mga magulang niya nang walang inaasahang kapalit kundi ang pag-asang mapabuti ang kalusugan ng mga pasyente.

Minana niya ang kadakilaang iyon. Minana niya rin ang affinity para sa organisasyon. Nagpakadalubhasa siya sa medisina at sunod sa yapak ng ama't ina, sa wakas ay nasaksihan niya nang personal kung ano ang pinagdaanan ng mga ito pati na ang katotohanan sa malasakit ng mga ito sa mga tinutulungan.

“Pinagtataguan mo na naman ang mga bisita.”

Naputol ang kanyang pagmumuni sa boses ng ina. Awtomatikong umusog siya sa kinauupuan para bigyan ito ng espasyo sa kanyang tabi.

“Naiisip ko lang ’yung mga kailangan kong gawin pag-uwi ko, ’Nay.”

Ipadadala siya sa isang medical station sa isang remote na probinsya sa Somalia. Kailangan niyang paghandaan iyon dahil magtatagal siya roon.

“Ikaw naman,” suheto nito. “Puwede namang makisaya ka muna kasama ang mga pinsan mo.” Ikinawit nito ang bisig sa kanya. “Epi, alam ko hindi ka mahilig sa parties pero paalis ka na ulit in a week. Pagbigyan mo naman na sana ang mga kamag-anak natin to do this for you. Una at huling beses tayong nagbalikbayan at nakasama sila ay hindi ka pa tuli.”

“Nay naman.” Napamulagat siya rito.

Tumawa lang ito bilang sagot. “You barely spoke that time dahil mahiyain ka, which was understandable dahil wala kang kilala dito. Wala kang gusto gawin noon kundi kumapit sa akin o sa tatay mo.”

Kinagat niya ang pang-ibabang labi at binago ang takbo ng usapan. “Kasi, ’Nay, pakiramdam ko din hindi pa tamang mag-party ngayon.”

“Dahil kamamatay lang ng lolo mo?”

Ama ng kanyang tatay. Ang pagkakasakit ng lolo niya ay nauwi sa pagkamatay. Iyon ang pangunahing dahilan kung bakit sila nasa Pilipinas ngayon.

“Well, yeah.” Nagkibit-balikat siya. “Nagpalipas na nga tayo ng forty days out of respect pero parang...”

Huminga nang malalim ang kanyang ina.

Hinaplos nito ang kanyang buhok. “Your lolo lived a full life. He was glad to go. Hirap na hirap na siya sa sakit niya. Maligaya na siya ngayon and I’m sure ayaw niyang hindi tayo maging masaya because to him, life is love. Love is happiness. So we should be happy. Lalo na ikaw. Nag-iisa ka niyang apo sa tatay mo. Palagay mo ide-deny niya sa ’yo ang mga pagkakataong ganito?”

Napangiti siya pero nanatiling malamlam ang kanyang mga mata. “Sana nakilala ko pa siya nang mas mabuti.”

Iilang buwan lang niyang nakasama ang abuelo sa buong tatlumpu’t apat na taon ng buhay niya. Halos hindi pa nila kapwa na-enjoy ang sandaling pagsasamang iyon dala ng paghihirap ng matanda sa prostate cancer. Tatlong buwan iyon na pinanood nila itong mag-deteriorate hanggang sa tahimik na

lang nitong isinuko ang buhay.

They would have hit it off, sigurado niya iyon. Marami silang pagkakapareho sa ugali, sa mga gusto, sa pananaw. Mabuti na lang at kahit paano ay nabigyan pa siya ng pagkakataon.

Naramdaman niya ang paghilig ng ulo ng ina sa kanyang balikat. “Kasalanan namin ng tatay mo ’yun, Anak. We should have brought you back home more often. O kung hindi kami puwede, we should have exerted more effort to urge you to visit here.”

“May trabaho kayo.” May katotohanan ang sinasabi nito pero ayaw naman niyang tanggapin na may kasalanan ang mga ito sa kanya. He loved them that much. “Importante kayo doon. And I had school.”

Umangat ang tingin nito sa kanya, idinantay ang palad sa kanyang pisngi.

“Nasa huli ang pagsisisi,” malungkot nitong saad. “Sana kapulutan mo ng aral. Yes, we were important to the community in Africa. Not all doctors are willing to serve in what others consider as God-forsaken places. Pero importante din ang pamilya. Walang mas importante pa sa pamilya.”

Nilapatan nito ng halik ang kanyang noo bago siya iniwan para mag-isip.

Family. Oo nga, that was what held them together sa haba ng panahong napapaligiran sila ng sari-saring larawan ng kahirapan at kawalan ng pag-asa.

Sasairin na sana niya ang inumin nang mula sa sulok ng kanyang mata, nakita niya ang pagbukas ng pinto ng kuwarto mula sa loob. Isang kamay ang umabot muna ng light switch at sa isang iglap ay bumaha ang kadiliman sa kinaroroonan niya.

Silhouette na lamang ng medyo matangkad na babae ang naaninag niyang pumasok. Ilang hakbang pa ay nakatayo na ito sa harap niya. Nabalot siya ng samyo nito. An intoxicatingly delicate scent of lavender and warm honey. A scent that reminded him of...

Sino ito? Sayang lang dahil masyado talagang madilim para makita ang mukha nito. Maaaring nakilala na niya ang babae kanina sa party. O kung isa itong mapangahas na....

“Can I help you?”

“Hinahanap lang kita.”

Shit... Ang boses nito. It sent chills up and down his spine. Narinig na niya ang boses na iyon noon. Pero kailan? Saan?

“Bakit nag-iisa ka dito?” Naglakad ito papalapit at tumigil sa harap niya pero hindi sa maaabot niya.

“Naiingayan kasi ako sa ibaba,” sagot niya.

“Mas gusto mo ng tahimik?”

“Gusto ko lang mapag-isa.”

“Oo nga,” ayon nito. “You’ve always liked solitude.”

Paano nito iyon nasabi? Hindi siya sigurado kung magkakilala sila.

“Hindi naman ako magtatagal.” Her husky tone spelled D-E-S-I-R-E in big, bold letters. Lumapit pa itong lalo, tumigil lang nang nakadikit na ang tuhod nito sa kanya. “May kailangan lang ako sa ’yo.”

Inihaplos nito ang mga daliri sa kanyang pisngi. Dumantay ang hintuturo nito sa kanyang baba para marahang itingala ang kanyang ulo.

Tututol sana siya sa ikinikilos nito. Maraming katanungan sa isip niya kung bakit naroon ito pero mabilis na nalulunod iyon sa paglakas ng pintig ng pulso sa kanyang tainga.

Parang senswal na pusa itong unti-unting ibinaba ang sarili sa kandungan niya. Her hands went to the

back of his head, caressed the hair at his nape bago nito inilapit ang mukha sa kanya.

Tuluyan na niyang kinalimutan ang lahat nang humaplos ang sutla ng mga labi nito sa kanya. Her breasts were pressed against his chest as her heated palms branded his skin.

Itinaas niya ang kamay para isuklay ang mga daliri sa malalambot na hibla ng buhok nitong tuwid na tuwid. She moaned softly before opening her mouth, giving him implicit permission to taste her. His free hand caressed the length of her thighs until he reached the hem of her blouse.

Sinimulan niyang tanggalin ang pagkakabutones niyon bago niya naramdaman ang kamay nitong pumipigil sa kanyang kamay at ang marahang pagtulak nito sa kanya palayo.

“I’m not here for this, unfortunately,” bulong nito bago mabilis na inialis ang sarili mula sa kandungan niya. Tumayo ito sa kabilang dulo ng veranda, malayo sa kanya. “Don’t get me wrong. I would have loved to go to bed with you. Hindi nga lang ngayon.”

“Uh-huh.” Sinigurado niyang bakas sa boses niya na hindi siya naniniwala rito.

“Mayroon lang ibang mas importanteng dahilan

kung bakit kita sinundan dito.”

“Bakit ka nga ba narito?” Umayos siya sa pagkakaupo dahil hindi na komportable ang pakiramdam ng kanyang pantalon.

Wala itong sinasabi pero naramdaman niya ang pag-iiba ng enerhiya sa pagitan nila. Nagtayuan ang balahibo sa kanyang batok na nagsasabing may mali sa sitwasyon.

Tumayo siya, lumipad ang tingin sa direksyon ng pintuan. Sinilip din niya kung gaano kataas ang elevation ng veranda mula sa lupa. Kailangan niyang maging handa. Instinct told him to get ready to defend himself.

“Someone was sent to kill you. 'S why I'm here.”

Natigilan siya doon. Ano ang pinagsasabi nito? Why would anyone want him dead? Ni wala siyang kilala sa Pilipinas kundi mga kamag-anak nila... Sigurado rin siyang wala siyang nagawang nakaagrabyado.

“What are you talking about?” He edged away from the glass doors.

Kaya niyang tumalon, kesehodang mabalian siya ng buto sa binti o madurog ang kanyang tuhod. Ano't

anuman, mas mabilis siyang makikita ng mga tao at masasakloloan.

Lumakas ang tunog ng warning bells sa utak niya nang maaninag niya sa kadiliman na tila may hinuhugot ang babae mula sa likuran nito. Bago pa man nito nasagot ang itinatanong niya ay alam na niya kung ano ang sasabihin nito.

“I was sent to kill you.”

Iyon na ang huli niyang narinig mula rito. Masyado nang naging mabilis ang mga sumunod na pangyayari. Naalala niyang nakakita siya ng kislap ng bakal. May nadinig siyang muffled na tunog ng putok na agad sinundan ng matinding sakit sa gitna ng kanyang dibdib. Kumalat ang hapdi at ang init. Para siyang uminom ng asido at sinusunog niyon ang bawat hibla ng kanyang laman.

Yumuko siya para tingnan kung ano ang tumama sa kanyang dibdib. Sigurado siya, namumula na sa dugo ang harapan ng kanyang shirt. He'd be dripping blood all over the floor.

Kasabay ng pagtungo niya, tumimbuwang siya sa marmol na sahig.

2

“Doctor Kijana!”

Umalingawngaw sa isip ni Ephraim ang isang boses na tumatawag sa kanya mula sa kung saan.

“Doctor! Help my mother please!”

Umugong ang kaloob-looban ng eardrums niya sa matining na tono nito. Naliyo siya sa epekto. Kahit paano, naintindihan niya na Swahili ang salitang gamit nito. Kung gayon, ibig sabihin ay nasa Kenya siya nang mga sandaling iyon, sa maliit na komunidad na pinagsisilbihan niya bilang doktor.

Oo. Isa siyang doktor. At may nangangailangan ng tulong niya. Kailangan niyang magising at maghanda. Pero may pumipigil sa pagkilos niya.

“Doctor Kijana! Haraka tafadhali!”

Ikinuyom niya ang kamay. Naramdaman niya ang pagbaon ng magaspang na tali sa gawing pupulsuhan niya. Ultimo mga binti niya ay tila nakatali sa tuwid at matigas na bagay.

“Keshia?”

Sigurado siyang ito ang tumatawag sa kanya. Malamang nagle-labor na ang ina nito kaya siya nito pinuntahan. Ito rin ang makakatulong sa kanya para makakawala mula sa tali. Hindi niya matutugon ang pangangailangan nito nang madali kung hindi siya nito matutulungan.

“Nisaidie tafadhali,” pakiusap niya rito.

Pero hangin na lang ang lumabas sa bibig niya. Baka hindi siya nito narinig. Tumikhim siya at napangiwi sa naramdamang hapdi nang sinubukan niyang lumunok para mabasa man lang ng kahit laway ang nanunuyong lalamunan.

“Do you know how to pray?”

Tumigil siya sa paghinga. Sino iyong lalaking nagsalita? Nasaan si Keshia? Bakit nawala rin ang mga naririnig niyang boses na nagsasalita ng Swahili? Wala ba siya sa Africa?

“If I were you, I’d start praying.” Tumawa ito. Hindi malakas. Mababa lang pero dumadagundong. Nakakatakot.

Nagsimula siya muling magpumiglas. He had to get out of here. Pero habang kumikilos siya, lalo lang siyang hinahapo. Uhaw na uhaw siya. Disyerto na ang pakiramdam ng kanyang bibig pati lalamunan.

Dama niya ang panunuyo ng kanyang mga labi at nanghahapdi ang mga iyon. Umungol siya. His head was splitting into a million painful pieces.

“You’re going to die soon, you know.”

No. He could not die. At least, not here. Marami pa siyang kailangang gawin. Maraming umaasa sa kanya. Sa tulong niya. Sana matulungan siya ng mga ito ngayon.

Nagsimula siyang ginawin. Iyong klase ng ginaw na nanunuot at masakit sa buto. Nagsimula ring mawalan ng pakiramdam ang kanyang mga binti at braso.

Oh, God! He’s really dying! Kanina bago ang lahat ng ito, ang sabi sa kanya ay mayroong ipinadala para pumatay sa kanya. Ito na siguro iyon.

Paano na ang ina ni Keshia? Paano na ang mga nangangailangan sa kanya sa Kenya? Sa Somalia kung saan ang susunod niyang mission? Hindi ba man lang siya makakapagpaalam sa nanay at tatay niya?

“Hakuna...” Hinugot niya mula sa kailalim-laliman ng kanyang kaluluwa ang pagdaing at pagtutol.

Napapagod na siya sa kapipiglas at dahil doon

ay parang hinihila siya ulit ng antok. He must not fall asleep. Baka hindi na siya magising. O baka naman panaginip lang lahat ng ito? But if this was just a dream, would he feel all this pain?

“Stay away from him,” boses ng babae.

That woman!

“I was just playing.” May himig ng mapanudyong pagtawa ang sumagot bago niya narinig na lumayo ang mga yabag nito.

Sana nakakakita siya. Ang hirap-hirap manghula kung ano talaga ang nangyayari. Hindi sa lahat ng pagkakataon magkatugma ang nakikita sa nadidinig.

“It will wear off, ’wag kang mag-alala.” Siya na ang kausap ng babae.

“Who... Where...” Inaninag niya ito. Ang nasa harap niya lang ay isang maliwanag na sinag, tulad ng nakikita sa labas ng bintana ng isang eroplano kapag dumaraan ito sa mga ulap.

“Relax. Ligtas ka pa, for the meantime.”

Wow. How comforting.

“Sino ba kayo? Sino ka?”

“Kilala mo ako. Hindi mo kailangang itanong.”

“Hindi ko alam so unless gusto mong tawagin kitang ‘hoy’, baka kahit alyas mo, gusto mong ipaalam sa akin.”

She was right. The drug was wearing off. Mas gumagana na ngayon ang isip niya. He was not normally abrasive pero pagod na siya. Masama ang pakiramdam niya. At mabait na kung mabait, pero hindi siya ang tipong papayag mamatay nang walang laban.

Narinig niya ang mga yabag nitong papalapit sa kanya. “You can call me...”

“Don’t,” sabad uli ng lalaking nabosesan niya kanina.

“Don’t interfere, Khalid, you do not make the decisions here and you are not my boss.”

Sinundan iyon ng mainit na diskusyon ng dalawang naroon gamit ang lengguwaheng hindi niya naiintindihan. Sayang. Sa dami ng alam niyang salita, iyon pa talagang hindi pamilyar sa kanya ang ginamit ng mga ito. Malamang sadya iyon para wala siyang maintindihan.

Bahagyang uminit ang diskusyon kung pagbabasehan ang taas-baba ng tono ng mga boses ng mga ito. Nang lumaon ay naaninag niya ang pagwo-

walk out ng malaking lalaki at ang paglagabog ng pintuan nang pabalabag nitong isinara iyon.

Muling umiging ang tainga niya sa tunog. Siguro ay nahulaan ng babae ang nangyayari sa kanya kung kaya hinintay nitong pumanatag ang ekspresyon sa mukha niya bago ito muling nagsalita.

“You have forgotten quickly who I am, Doctor. I’m very disappointed.”

Nakalimutan nga ba niya? But there was nothing to forget if there had been no connection in the first place. Pero mali siya at tama ito. Magkakilala nga sila. Nakalimutan niya lang. Naroon sa isang sulok ng isip niya. Kilala niya nga ito. Pero hindi niya maungkat mula sa sulok na iyon ang kailangan niyang kasagutan.

“Sa party—”

“Oh, you’ve known me long before the party,” putol nito. “Years and years ago.” Dumukwang ito palapit sa tainga niya. Ibinulong nito ang isang pangalang hindi niya akalaing maririnig pa niyang muli. “Shalom, Ibrahim.”

Tumigil yata ang pagtibok ng puso niya sa narinig. Para siyang binuhusan ng nagyeyelong tubig.

It can't be.

Iisa lang ang pinayagan niyang tumawag sa kanya sa pangalang iyon. Isang babaeng Israeli. Ilang taon ang nagdaan na wala siyang nababalitaang kahit ano tungkol dito, tinanggap niyang maaaring namatay na ito, lalo na kung pagbabatayan ang sitwasyon sa kinaroroonan nito. Halos mamatay rin siya nang tanggapin ng puso niya ang katotohanang iyon.

Pero habang lumilina ang kanyang paningin, at unti-unting nauunawaan ng isip at puso niya na kaya hindi niya agad naisip na maaaring ito ang kaharap niya ay dahil nga hindi na niya inasahang makikita pa itong muli.

There was no mistake. It was the same girl. With those eyes that bared him and burned a mark on his soul.

“Mariam,” bulong niya.

Six years ago, Israel...

Nakilala ng dalagang guro na si Mariam Levitt ang doktor na si Ephraim Kijana Gonzalo Ruiz sa pinaka-catastrophic na pagkakataong puwede silang magkakilala.

Mabuti sana kung ang konteksto ng catastrophic para sa kanya ay iyong nahubuan siya dahil natapakan niya ang laylayan ng mahabang palda. O kaya ay iyong natapunan siya ng mainit na kape bago nadulas sa likidong kumalat sa sahig dahil clumsy siya.

No. Catastrophic, in her world, was as disastrous as it could get. Napapailalim sila noon sa isang terrorist attack at kabi-kabila ang mga gusaling sumasambulat dahil sa bombang pinapasabog ng mga suicide bombers.

Mistulang mga langgam na binulabog na nagkakagulo at nagtatakbuhan ang mga tao para makapagtago mula sa ligaw na bala, o para makaiwas masabugan ng RPG o Rocket Propelled Grenade. Nagsisigawan ang marami, nagmamakaawa para sa kani-kanilang buhay. Nagsisipalahaw para sa kani-kanilang mga mahal sa buhay na walang kalabanlabang humahandusay lang sa kalye dahil sa walang diskriminasyong paggamit ng dahas para lang makakuha ng atensyon.

Nagsimula nang normal ang araw na iyon para kay Mariam. Gumising siya sa kinasanayang oras. Nag-agahan siya, gumayak, at nang handa na, magkasabay sila ng nakatatandang kapatid naumalis para pumasok sa trabaho. Kapwa nila hindi sukat akalain na magbabago ang lahat para sa kanila at sa

maraming Israeli hindi pa man umiinit ang araw sa kalangitan.

Oo nga at halos pangkaraniwan naman ang mga pangyayaring nagpapakita ng political unrest sa kanilang bansa, pero ni minsan hindi pa naging biktima ang may katahimikan nilang lugar. Nakakarinig sila ng mga pagsabog, nakakabalita ng ambush o kaya ay kidnapping. *But not like this.*

“Mariam!” Hinaltak ng kapatid ang kamay niya nang akmang susuungin pa niya ang natutupok na paaralan.

“The children!” humihingal niyang protesta habang nagpupumiglas. “We must go back!” Humigpit lalo ang pagkakahawak nito sa bisig niya. “Abba and Eema...”

Nilingon niya ang umaapoy na gusali. Naisip niya ang mga kabataang tinuturuan niya roon. Karamihan sa mga iyon ay mga wala pang muwang sa mundo. Paano na ang mga magulang ng mga ito?

“They will be hurt,” umiiyak niyang saad.

Bago pa siya muling kumilos, napasigaw na siya sa gulat nang isa na namang pagsabog ang yumanig sa lupa. Sinabayan pa iyon ng ratatat ng hindi niya alam kung gaano karaming automatic weapons na

nagpapaulan sa kanila ng bala na parang tubig lang mula sa isang garden hose.

Sunod niyang naramdaman ay ang mahigpit na pagyakap ng kuya niya sa kanya. And then they were falling kasabay ng kalansing ng basyo ng bala sa lupa. Pakiramdam niya ay nawalan ng hangin ang бага niya nang lumagpak silang magkapatid. Pati isip niya, palagay niya ay naalog dahil tumama rin ang ulo niya sa matigas at magaspang na aspalto.

Her brother's frame shielded her small shivering body from the assault. Kinabig nito ang ulo niya para isiksik sa leeg nito at ginamit nitong pantakip ang kamay para salagin ang kung anong maaaring tumama sa bungo niya.

May katagalan bago humupa ang putukan. Nang tuluyan itong tumigil, pinaliguan sila ng alikabok sa pagdaan ng mga rumaragasang SUV ng mga tumatakas na terorista. Saka niya lang naramdaman ang pagluwag ng yakap ng Kuya Yosef niya sa kanya.

Kumilos siya para iangat ang sarili. Iginala niya ang paningin sa paligid. Nagkalat ang mga katawang duguan. Karamihan ay wala nang buhay. Ang iba ay halos hindi makilala dahil ang naiwan lang ay mga lasog-lasog na laman. Gusto niyang masuka sa patayang naganap sa kanyang harapan.

Memories Of Israel - Edith Joaquin

Umaalingawngaw ang tunog ng panaghoy mula sa mga naiwang humihinga pero parang binawian na rin ng buhay. Sumulak ang galit sa dibdib niya, nag-iinit ang mga mata para sa luhang ni hindi makuhang bumagsak, umusal siya ng pagsumpa sa kawalanghiyaang naganap. Mga walang puso. Mga walang diyos ang gumawa nito. Milagro na buhay pa sila ni Yosef. Na sa dami ng balang ipinaulan sa kanila, ni galos wala silang tinamo.

Ni galos wala...

Bigla ang pagbaling niya sa kapatid. Tumigil ang paghinga niya nang makitang hindi pa rin ito gumagalaw. Latag na latag ito sa lansangan. Nakatuon ang namimilog nitong mga mata sa langit, nakaawang ang bibig at hinahabol ang paghinga.

“Yosef!” Nakiisa ang boses niya sa koro ng mga boses na noon ay pumupuno sa tunog ng paghihinagpis sa buong paligid.

Iginala niya ang nanginginig na mga kamay sa katawan nito para damhin kung saan ito maaaring nasugatan. Sa gawing kaliwang tagiliran nito niya naramdaman ang mainit at malagkit na likidong sumisirit mula sa tama ng bala. Her eyes filled with tears as she stared at her fingers turned crimson by his blood.

“Hatziloo!” Nagpa-panic siyang luminga sa paligid habang sumisigaw. “Help us!”

Walang maaaring tumulong. Lahat silang naroon ay pawang mga sugatan. Mga nasaktan. Mga nawalan.

Umaagos ang luha sa kanyang mukha sa nadaramang desperasyon sa kanyang puso. Pisil ang kamay nito na tila pinipilit niyang isalin dito ang sariling lakas para makaligtas ito, hindi na niya napansin ang tunog ng mga sasakyang muling paparating.

Tumigil ang mga iyon sa kinaroroonan nila. Mabilis at magkakasunod ang bukas-sara ng mga pintuan pati na ang mga yabag na tumatakbo patungo sa kanila.

“I’m a doctor. I can help.”

Sa kabila ng kalagiman na lumulukob sa lugar, napuno ang puso niya ng pag-asa ng mga salitang iyon.

Nilinga niya ang nagsalita, isang matangkad na lalaki. Kahit nakaluhod ay nakukumutan siya ng anino nito. Hindi niya maaninag ang mukha nito dahil nasa likuran nito ang liwanag. He seemed like an angel sent to them, with a halo glowing around his head.

“He is wounded?” Gamit nito ang salita nila—

Hebrew.

“Ken.” Tumango siya. “Bevakasha, make him well.”

“I will do my best but I need you to move away a bit, Gveret, so I can do my job.”

Sinunod niya ang pakiusap nito. Authoritative itong nagbibigay ng instructions sa isang lalaki na sa tingin niya ay African civilian na lumapit para tumulong dito. Mabilis at alerto ang kilos ng batang doktor. His hands moved gently but they looked strong and capable.

Dumako ang tingin niya sa mukha nito. Sa guwapong mukha nitong mala-anghel sa kabaitan ang hulma. Kulot ang makapal na buhok ng lalaki. Magaspang ang panga at baba nito sa maliliit na tubo ng balbas. Matangos ang ilong. And his eyes. His eyes...

Umangat ang ulo nito para tumitig sa kanya. His eyes were kind and honest. Sinasabi nitong kaya nitong itama lahat ng bagay at may kapangyarihan din ang mga iyon na paaminin ang sinumang tinititigan nito ng mga bagay na mas pipiliin sanang ilihim.

“Ech kor'im lach?”

Humihikbi siyang tumugon. “My name is Mariam.”

“Kor'im li Ephraim.”

“You are a very young doctor.”

Ginawaran siya nito ng ngiti. Alam niyang ang ngiting iyon ay para palakasin ang loob niya sa hinaharap nilang sitwasyon. Binibigyan siya nito ng assurance na magiging maayos ang lahat.

In-extend nito ang kamay para idantay ang palad sa kanyang bisig. Dama niya ang init na nagmumula roon. Init ng mapag-arugang kaluluwa. Init na kumakalinga.

“Everything will be fine, Mariam,” marahan nitong saad bago binalikan ang panggagamot.

Naniwala siya sa sinabi nito. Yes, with him there, everything would be fine.

3

Kasama si Ephraim na naiwan sa Gaza para tumulong sa mga nabiktima ng pag-atake. Ilan daang katao rin ang nasaktan noon, at hindi kayang bigyang lunas lahat ng mga residenteng doktor sa lugar kung ang mga ito lang ang mangangalaga sa mga sugatan.

Nang mas mabawasan ang bilang ng emergency cases, ang ilan sa mga MSF doctors ay tumulak na papuntang Beirut kung saan talaga ang orihinal na destinasyon ng kanilang grupo.

Lumipas ang tatlong araw pa ulit mula noon na halos walang pahinga at walang tulog ang mga naiwan para masigurong malulunasan lahat. Bukod kasi sa paggagamot, kinailangan nilang magtayo ng isang tolda para maging makeshift ward dahil kalahati ng ospital ay bumagsak sa sunog.

Nang kalmado na ang kalagayan sa paligid, natagpuan ni Ephraim ang sariling nakaupo sa isang malaking slab ng natumbang kongkretong poste may kalayuan mula sa ospital at sa karamihan ng mga tao. Sinadya niyang pumuwesto roon para i-enjoy ang kaunting kapayapaan mula sa ilang araw na kaguluhan.

“Erev tov, Dohktor Ephraim,” pukaw ng mahinang pagbati sa katahimikan.

Naramdaman niya ang pagkislol ng kanyang puso bago pa man niya nilingon ang pinanggalingan ng boses. Naroon si Mariam na nakangiti sa kanya.

Mula nang una niya itong makita, he had thought she was the most beautiful woman he had ever seen. Sa mga nagdaang araw, kahit nakikita niya ito roon, nakikipagngitian sa kanya, hindi niya ito nakukuhang lapitan sa dami ng kanyang inaasikaso. Hindi rin ito lumalapit para makipag-usap o para man lang kumustahin siya, malamang dahil alam din nitong hindi siya puwedeng abalahin. Until now.

“Shalom, Mariam.” Gumanti siya rito ng ngiti. “Good evening to you, too.”

“I am not disturbing you, I hope.”

“No.” Iminuwestra niya ang espasyo sa tabi niya para imbitahan itong maupo. “Please.”

“I... uh, brought you something to eat.” Itinaas nito ang dalang basket para makita niya bago nito paunlakan ang paanyaya niya.

“Toda raba,” lubos na pasasalamat niya para sa hapunan. “How did you know I need nourishment?”

“I see you running around since the attack, I know you have not eaten much the past few days.”

“Only small pieces of bread,” sabi niya. *“You will join me, of course?”*

“Ken,” nakangiting sang-ayon nito habang ina-unpack nito ang dalahin-lamb stew, ilang pirasong pita bread, dates at isang slice ng honey cake. *“I have not eaten either. I am hungry.”*

“Mmm.” He sniffed appreciatively sa sinasandok nitong karne. *“How is your brother? His physician says he is much improved.”*

Matapos niya kasing gamutin ang binata, ibang volunteer doctor na ang nag-monitor sa kalagayan nito habang siya naman ay sa operating room na na-assign.

“Yosef came through yesterday. He is more energetic today,” masaya nitong balita habang inaabutan siya ng platong naglalaman ng hapunan. *“He also asked to see you but I said you are still quite busy helping.”*

“I will visit tomorrow,” pangako niya bago sumubo ng pinilas niyang piraso ng tinapay.

Ilang saglit na walang nagsalita sa kanila habang nagsasalo sa pagkain. Naisip niya, kung iba lang sana ang sitwasyon, maaaring isa silang pares ng magsing-

irog na nagpi-picnic date sa ilalim ng mga bituin.

Napangiti siya sa sarili. That was a pleasant thought.

“I have not had a chance to thank you for saving him,” pagkuwan ay saad nito.

Inangat niya ang ulo para sulyapan ang babae. She still had that disarming smile pero napansin niyang namumuo ang luha sa gilid ng mga mata nito. Inabot nito ang kamay niya at pinisil iyon. “From the bottom of my heart, toda raba. My family is grateful to you.”

Pagkatapos ay dinala nito ang kanyang kamay para gawaran ng halik ang kanyang mga daliri.

He felt overwhelmed sa ginawa nito. Ang naisagot niya lang tuloy ay, “It’s my job.”

Nagkibit ito. “Even so, it is well for us to thank you for doing your job. If not for you, he would have died.”

“Al lo davar,” tahimik niyang tugon. Gumanti siya sa paghalik sa mga daliri nitong nananatiling nakakapit sa kanyang palad. “You are most welcome.”

Nanatili silang nakatitig sa isa’t isa. Walang nagsasalita pero nagkakaintindihan ng pahiwatig. Hanggang alam niyang nagsasabay na ng ritmo ang pagtibok ng kanilang puso. Nag-iisa ang hagod ng

kanilang paghinga.

He could feel a glow in her. May init iyon na bumabalot din sa kanya, comforting rather than scorching. At nang muling sumilay ang ngiti nito, tila nagliwanag na rin ang buong paligid na para bang walang trahedyang nangyari roon. Maliwanag para sa kanila.

He knew right then. Hindi pangkaraniwan lang si Mariam. Hindi ito isang babaeng basta lang niya iiwan at kalilimutan.

Nagdaan ang mga sumunod na araw na lahat ng pagkakataong puwede silang magkasama ay nagsasama sila. Panigurado ay kasalo niya ito tuwing hapunan. Kung nagkakataong may duty pa siya matapos iyon, babalik muna ito sa pagbabantay sa kapatid at pagkatapos saka sila muling magkikita para magkausap hanggang mag-umaga.

They were being a couple in the real sense of the word and they both knew it. Nahuhulog ang damdamin nila sa isa't isa pero walang umaamin sa nararamdaman. Marahil dala iyon ng napipintong paghihiwalay nila ng landas at alam nilang pareho na maaaring hanggang doon lang ang pagsasama nila.

Nang huling gabi niya sa Israel, matapos silang

Memories Of Israel - Edith Joaquin

maghapunan, tahimik silang nakapuwesto sa kinasanayan nilang pagpalipasan ng oras malayo sa ospital. Nakasandal ito sa balikat niya at nakatingalang pinagmamasdan siya na tila isinasaulo nito ang bawat linya at kurba ng kanyang mukha.

“You look like an Arab,” puna nito.

“It’s my beard.” Natatawang hinagod niya ang pisngi at baba. “I have not shaved for two weeks.”

“Lo, it’s not just your beard,” iling nito. “You have eyes like an Arab.”

“Does that mean you don’t like my eyes?”

“I love your eyes.”

Mabilis sinundan ng pag-amin nitong iyon ang pag-iwas nito ng tingin kasabay ng isang nahihiyang ngiti.

Itinaas niya ang kamay para idantay ang palad sa pisngi nito. Marahan niyang kinabig ang ulo ng babae para tumitig sa mga mata nito. “I love your eyes, too.”

Lumawak ang ngiti nito. “I think I will call you Ibrahim. It suits you.”

“You will be the only person I will allow to call me that.”

And then he kissed her. Dampi lang. Pagkatapos may bigla siyang naalala.

“I apologize, I did not mean to offend.”

Umiling ito pagkatapos ay ngumiti.

“You did not offend me.” Hinaplos ng palad nito ang kanyang pisngi.

He lowered his head a second time. Mas matagal na niyang pinanatili ang pagkakadantay ng kanyang mga labi rito. When he felt her lips part, his tongue gently caressed and tasted her, their emotions pure and full of passion.

Ginawaran niya ito ng maliliit na halik sa noo, sa talukap ng mga mata, sa magkabilang pisngi. Saka niya ito ipinaloob sa isang mahigpit na yakap na tila ayaw na niya itong mawalay sa tabi niya.

“What will happen when you leave tomorrow?” Napupunit ang puso niya sa nadidinig na lungkot sa boses nito habang nakatungo ito sa kanyang dibdib.

“I will leave you a number so you can call me. I will call you as well. And I will swing by on our way back.” Hindi niya alam kung papayagan siya pero gagawan niya ng paraan.

“And after that?”

Nabikig siya sa sariling laway sa tanong na iyon.

“We will take things one day at a time.”

“Will this work?” nag-aalala nitong tanong.

“We can try.” Hinagkan niya ito sa noo. “We will try.”

Oh, how they tried.

Kesehodang abot-langit ang gastusin niya sa long distance calls at text, maliit na bagay lang iyon para indahin ni Ephraim. Kaysa naman hindi niya makausap ang babaeng hindi pa niya lubusang naiwan ay kinasasabikan na niyang makasama muli.

May schedule naman sila sa pagtatawagan. Sabi kasi nito, may tinugunan itong volunteer work para makatulong sa mga nabibiktima ng karahasan sa lugar ng mga ito kaya abala rin ito. Just as well, dahil siya man ay maraming inaasikaso sa kanilang medical mission. Besides, alam niyang kailangan nito ng pag-uukulan ng atensyon bukod sa pag-aalala nito sa kapatid na bagaman malayo na sa panganib ay hindi pa rin lubusang gumagaling.

“Ma shelomkha?” pangungumusta niya rito nang kumonekta ang kanyang tawag.

“Tov, toda,” malambing na tugon nito. Dinig niya ang ngiti sa boses nito at nadadala siya niyon. “I have a surprise for you.” Tumikhim ito. “Kumusta ka, Mahal?”

Saglit siyang napanganga bago nagpawala ng malakas at puno ng paghangang pagtawa. “Mabuti naman ako. Nag-aaral ka ng Tagalog?”

Humagikgik ito. “I didn’t understand that last one.”

Kung nagkataong katabi niya ito, pupupugin niya ito ng halik. “I asked if you were learning Tagalog.”

“Ken!” Nai-imagine niya itong nagniningning ang mga mata habang tumatango-tango. “I want to learn so we can also talk in your language.”

“I’d be happy to teach you some more when I get back,” pangako niya.

“Yes! Please do,” excited nitong tugon. “When I meet your parents, I can impress them if I speak Tagalog.”

“Aww, they will be impressed with you even if you don’t speak Tagalog. I’m sure they will love you.”

“Ibrahim, my eema says you must stay with us when you come back.”

“Tell her I will stay, and toda raba for the

invitation.” Naipaalam na niya sa head doctor nila na gagamitin niya ang leave niya pagkatapos nila sa Lebanon. “I have two weeks to spare before I go back to Nairobi.”

“And maybe I can also visit you in Kenya.”

“I would love that. My parents would love that.”

Marami pa silang pinagkuwentuhan bago niya kinailangang magpaalam dahil sa isang emergency. Nang magkaayos ng oras ng tawagan para kinabukasan, tinapos na niya ang tawag dito.

“Have you never had a steady girlfriend before?” Mapanukso ang kislap sa mga mata ng kapwa niya doktor. Isa itong German. Naulinigan nito malamang ang pakikipaglandian niya sa katipan.

Lumabi siya. “Was too busy becoming a doctor.”

“Maybe you were just too chicken.”

“Nah-uh!” mariing tanggi niya. “Just hadn’t found the right one.”

“Now you have?”

Umangat ang tingin niya rito. Sigurado siyang may nakakabaliw na kislap sa mga mata niya pero wala siyang pakialam kung mukha siyang siraulo. He

was irrevocably in love.

“I believe so.”

“So now, you have also made yourself busy being the man in someone’s life.”

“And loving and enjoying every moment of it,” balik niya bago ito talikuran para tugunin ang emergency.

Ganoon nga yata talaga kapag tinamaan ng true love ang isang tao. Sabi sa nabasa niyang Filipino literary classic na Florante at Laura, makapangyarihan ang pag-ibig na hahamakin daw ang lahat, masunod lamang ito.

Wala pa naman siyang hinahamak, palagay niya. Lumilihis lang siya sa itinakda niyang daan para sa sarili mula nang maging doktor siya, at doktor ng MSF at that. He had always felt apprehensive about having a woman share his life dahil alam niya kung gaano kahirap tiisin ang uri ng lifestyle na mayroon siya bilang affiliate ng organisasyong iyon—ipinapadala sa mga lugar na kung minsan ay nabibilang sa high-alert areas for goodness knows how long at pagkatapos, may posibilidad din na iuwi silang nakakahon.

Kay Mariam lang niya nadama na handa siyang makipagsapalaran. Sa dalaga niya nakuhang manindigan para gawan ng paraang maging bahagi

ito ng kaguluhang tinatawag niyang buhay niya dahil hindi na niya maisip ang bukas kung hindi ito ang kasama.

Nakasiguro siya na pareho sila ng nararamdaman nito nang pagbalik niya ng Israel ay sinorpresa siya nito sa pagpunta sa stop ng Tel Aviv.

“What are you doing here?” Bagaman gulat na gulat, agad niyang ibinuka ang mga bisig para imbitahan itong pumaloob doon.

“I could not wait,” masayang salubong ni Mariam. “I just need to be here to see you.”

Marami man ang nakakakita, walang pangigingimang siniil niya ito ng maalab na halik. He was amused at the wide smile she gave him after that.

“Na-miss mo ako nang husto!” akusa nito.

“Siyempre!” masayang amin niya bago ito muling niyakap nang mahigpit.

Ipinakilala niya ito sa mga kasamahan bagaman pamilyar na ang karamihan sa mga ito sa dalaga.

Nagkabiruan. Nagkatuksuhan. At sa saliw ng kabi-kabilang pagbati ng ‘Mazal Tov’ naisipan ng pagkakataon na bigyan sila ng dahilan na manabik pang lalo sa isa’t isa.

Pahiwalay na silang dalawa mula sa grupo para umuwi sa bahay nito nang pigilan siya ng team leader nila. Katatanggap lang nito ng isang tawag mula sa partners nila sa Iraq. Kailangan nilang tugunin iyon dahil sila ang grupong pinakamabilis makakarating doon.

Hindi niya inaasahan kung paano magre-react ang katipan pero nakahinga siya nang maluwag nang sa halip na tumutol, tahimik na tinanggap ni Mariam ang pagbabago sa plano.

“Natatakot ako para sa ’yo,” tanging nasabi nito nang matapos silang i-brief sa sitwasyong daratnan nila. “Mas magulo doon.”

“Mag-iingat kami. Mag-iingat ako.” Ipinagitna niya ang mukha nito sa pagitan ng kanyang dalawang palad. Nilapatan niya ito ng halik sa noo. “Mabilis lang ito. I will be back before you know it.”

Itinaas nito ang mga mata sa kanya at banayad nahinaplos ang kanyang pisngi. “Ingat ka, mahal ko.”

“Ani ohev otakh,” buong puso niyang bulong dito habang iginagala ang mga mata sa bawat alon, bawat linya ng mukha nito na tila sinasaulo ang hitsura nito.

And it frightened him. Nangatal ang bawat hibla ng kanyang katawan.

“You are trembling,” puna nito.

“I don’t know why.” Hinigpitan niya lang ang pagkakayakap dito.

“Maybe you are worried I will find myself a more handsome ba’al when you are gone.” Nangangatal din ito pero napalakas ang loob niya nang idinaan nito sa biro ang hinaharap na balakid sa kanilang relasyon.

“You won’t find anyone more handsome than me to become your husband,” mayabang niyang saad.

“Right.” Pinisil nito ang kanyang baba. “That is why I think, pagtitiyagaan kong maghintay sa ’yo.”

“You are sure you will wait?”

“Hihintayin kita.”

Talaga naman. She was making it more difficult for him to leave kahit alam niyang hindi nito iyon sinasadya.

Nagtawag ang kanyang mga kasamahan para lumarga and for one last time, at least for the moment, niyakap niya ang nobya at hinagkan. Ipinagdasal niyang maging mabilis lang ang pagdaan ng mga araw para maiwasan niyang mabagot sa trabaho. Ipinagdasal niya na sana ay makabalik pa siya rito.

Memories Of Israel - Edith Joaquin

Dapat pala ang ipinagdasal niya noon ay ang magkaroon pa rin ng babalikan. Dahil ang hindi niya alam, nang hagkan at yakapin niya si Mariam sa paalam na iyon, it would actually be the last.